# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 27, 2023, MIYERKULES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN Office RECORDED JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 01/15/24 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 450-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2024 NG BARANGAY MALINAO, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON APATNARAAN SIYAMNAPU'T ISANG LIBO DALAWANG DAAN PITUMPU'T DALAWANG PISO (P2,491,272.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 052-T2023/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 10-T2023.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 052-T2023 / Kautusang Barangay Blg. 10-T2023 ng Sangguniang Barangay ng Malinao para sa Taunang Badyet taong 2024 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Malinao.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Laura P. Obligacion at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2024 ng Barangay Malinao, bayang ito na nagkakahalaga ng P2,491,272.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 052-T2023 / Kautusang Barangay Blg. 10-T2023.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Malinao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 27, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

1/12/24

011152